

## Pagpapahusay ng mga channel para sa mga tanong at mga reklamo

Para paghusayin ang mga serbisyo sa pamamahala ng mga tanong at reklamo, lahat ng tanong at reklamo kaugnay ng diskriminasyon, panggigipit at paninira sa ilalim ng mga kasalukuyang ordinansa laban sa diskriminasyon, iyon ay, ang Ordinansa laban sa Diskriminasyon ng Kasarian (Cap.480); Ordinansa laban sa Diskriminasyon ng Kapansanan (Cap. 487), Ordinansa laban sa Diskriminasyon ng Estado ng Pamilya (Cap.527) at Ordinansa laban sa Diskriminasyon sa Lahi (Cap.602), o tungkol sa aming mga serbisyo ay dapat isagawa sa pamamagitan ng isa sa sumusunod na mga paraan na may bisa mula sa Lunes, ika-28 ng Setyembre, 2020:

- Sa personal, sa telepono (para lamang sa mga pagtatanong), on-line na form, fax, sulat (mga kasalukuyang paraan)
- serbisyo ng SMS (para sa mga pagtatanong ng mga taong may kapansanan sa pandinig / nahihirapang magsalita)

para ma-access ang mga form na maaaring i-download, i-click ang kaukulang link sa ibaba:

(Form para sa reklamong kaugnay ng mga ordinansa laban sa diskriminasyon)

(Form para sa katanungang kaugnay ng mga ordinansa laban sa diskriminasyon)

(Makipag-ugnayan sa amin/Form ng feedback para sa katanungan at reklamo na kaugnay ng mga serbisyo ng EOC)

Ipadala ang mga nakumpletong form sa email address na [eoc@eoc.org.hk](mailto:eoc@eoc.org.hk). Tandaan na tanging mga nangangailangan ng pagsasalin o may problema sa wika tulad ng nakalista sa webpage na ito lamang ang maaaring gumamit ng email na ito para isumite ang mga nakatalagang downloadable form depende sa kanilang pangangailangan sa wika. Hindi itinalaga ang email address na [eoc@eoc.org.hk](mailto:eoc@eoc.org.hk) para sa pamamahala ng mga pagtatanong o reklamo mula sa mga taong walang pangangailangan sa pagsasalin ng wika, ngunit may mga e-form na makikita sa webpage na Ingles o Chinese.